



# Magpasuri!

Ang inirerekomendang pagpapasuri para sa kanser ay makakatulong sa pagligtas ng iyong buhay. Tanungin ang doktor o nurse tungkol sa mga pagsusuring ito.

*Get your tests! – Tagalog*

## Mga Inirerekomendang Screening Test Para sa Cancer

25 hanggang 39 na Taong Gulang	40 hanggang 49 na Taong Gulang	50+ Taong Gulang	TALAHULUGANAN
<p><b>Pagsusuri para sa Colorectal Cancer (Kanser sa Labasan ng Dumi)*</b></p> <p>Alamin kung ikaw ay nasa mataas na panganib para sa colon o rectal cancer (kanser sa kolon o labasan ng dumi). Kung hindi, walang pagsusuri ang kailangan sa pagkakataong ito kung gayon</p>	<p><b>Pagsusuri para sa Colorectal Cancer (Kanser sa Labasan ng Dumi)*</b></p> <p>Simulan ang pagpapasuri sa edad na 45 taon. Mayroong maraming uri ng pagsusuri ang maaaring magamit. Makipag-usap sa isang provider sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa kung aling mga pagsusuri ang pinakamainam para sa iyo. Anumang pagsusuri ang iyong pipiliin, ang pinakamahalaga ay ang masurian.</p>		<p><b>Pagsusuri para sa Colorectal Cancer (Kanser sa Labasan ng Dumi)</b></p> <p>Ang mga pagsusuring ito ay makakatulong para mapigilan ang colorectal cancer o matuklasan nang maaga kung kailan maaaring maging mas madali ang magamot.</p>
<p><b>Pagsusuri para sa Prostate Cancer (Kanser sa Prostata)</b></p> <p>Walang pagsusuri ang kailangan sa pagkakataong ito.</p>	<p><b>Pagsusuri para sa Prostate Cancer (Kanser sa Prostata)</b></p> <p>Simula sa edad na 45 taon, mga kalalaking nasa mataas na panganib (mga kalalaking Aprikano Amerikano, Caribbean na may ninunong Aprikano, at mga kalalaking may malapit na kamag-anak na nagkaroon ng prostate cancer bago mag-edad na 65) ay dapat talakayin ang mga potensyal na panganib at benepisyo ng pagsusuri sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan.</p>	<p><b>Pagsusuri para sa Prostate Cancer (Kanser sa Prostata)</b></p> <p>Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga potensyal na panganib at benepisyo ng pagsusuri upang magpasya kung ang pagsusuri ay nararapat sa iyo. Kung ikaw ay magpapasya na masurian, ikaw ay dapat na magpa- PSA blood test nang mayroon o walang digital rectal exam. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa kung gaano kadalas kang magpapasuri.</p>	<p><b>Pagsusuri para sa Prostate Cancer (Kanser sa Prostata)</b></p> <p>Ang mga antas ng prostate-specific antigen (PSA) sa dugo ay maaaring maging mas mataas sa mga kalalaking may prostate cancer, pati na rin ang iba pang mga kondisyon.</p>
<p><b>Pagsusuri para sa Breast Cancer (Kanser sa Suso)*</b></p> <p>Alamin kung ikaw ay nasa mataas na panganib para sa breast cancer (kanser sa suso). Kung hindi, walang pagsusuri ang kailangan sa pagkakataong ito.</p> <p>Agad na sabihin sa iyong doktor o nurse kung may napansin kang anumang mga pagbabago sa hitsura o nararamdaman mo sa iyong mga suso.</p>	<p><b>Pagsusuri para sa Breast Cancer (Kanser sa Suso)*</b></p> <p>Ang mga kababaihang nasa edad na 40-44 na taon ay dapat magkaroon ng opsyong masimulan ang screening para sa breast cancer sa mga mammogram taun-taon. Simula sa edad na 45, magpa-mammogram taun-taon.</p>	<p><b>Pagsusuri para sa Breast Cancer (Kanser sa Suso)*</b></p> <p>Magpa-mammogram kada taon sa pagitan ng mga edad 45 at 54 taon, pagkatapos sa edad na 55 taon, ikaw ay maaaring magpa-mammogram kada dalawang taon, o ipagpatuloy ang screening taun-taon hangga't ikaw ay nasa mabuting kalusugan.</p>	<p><b>Mammogram</b></p> <p>Ang screening para sa mammogram ay isang x-ray sa suso na ginagamit para matuklasan ang mga senyales ng breast cancer sa mga kababaihang walang anumang mga sintomas o problema sa suso.</p>
<p><b>Pagsusuri para sa Cervical Cancer (Kanser sa Kuwelyo ng Matris)</b></p> <p>Ang mga taong nasa edad na 25-65 taon na may cervix ay dapat kumuha ng primary HPV test kada 5 taon. Kung hindi ka makakakuha ng primary HPV test, kumuha isang co-test (isang HPV test na may kasamang Pap test) kada 5 taon o isang Pap test kada 3 taon. Ang mga taong nagpapakuna para sa HPV ay dapat pa ring magpasuri. Ang mga taong tinanggalan ng cervix sa pamamagitan ng pagpapa-opera ay dapat itigil ang pagpapasuri maliban kung ang pagpapa-opera ay isinagawa upang gamutin ang cervical cancer o isang malubhang precancer.</p>			<p><b>Pap Test</b></p> <p>Tinitingnan ng Pap test ang mga pagbabago sa selula o mga hindi normal na selula sa kuwelyo ng matris.</p> <p><b>HPV Test</b></p> <p>Tinitingnan ng human papillomavirus (HPV) kung mayroong virus at maaaring maisagawa sa parehong pagkakataon ng Pap test.</p> <p><b>Primary HPV Test</b></p> <p>Isang HPV test na isinasagawa para sa screening.</p> <p><b>Co-Testing</b></p> <p>Pagsusuring may HPV test at Pap test.</p>
		<p><b>Pagsusuri para sa Lung Cancer (Kanser sa Baga).</b></p> <p>Isang taunang may mababang dosis na CT scan ay maaari mong mapakinabangan kung ikaw ay kasalukuyan o dating naninigarilyo sa mga edad na 55-74 na taon at nasa mabuting kalusugan.</p>	<p><b>Pagsusuri para sa Lung Cancer (Kanser sa Baga)</b></p> <p>Ang mga taong naninigarilyo o dating naninigarilyo ay nasa mas mataas na panganib para sa kanser sa baga. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa iyong panganib para sa kanser sa baga at pagpapasuri.</p>

Karaniwang saklaw ng insurance ang mga serbisyo sa pagpigil at screening. Mangyaring tingnan para makumpirma ang iyong mga espesipikong benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

**Siguraduhing ipaalam sa iyong doktor o nurse kung ikaw ay mayroong anumang uri ng kanser o kung ang iyong ina, ama, kapatid, o mga anak ay nagkaroon ng kanser.**

\* Maaari mong kailanganing simulan ang pagsusuri para sa ilang cancer nang mas maaga o masuri nang mas madalas kung ikaw ay may ilang salik ng panganib. Makipag-usap sa iyong doktor tungkol dito.

**cancer.org | 1.800.227.2345**